

# 1

# 1. Buod ng Ehekutibo

Ang Illinois ay tahanan ng mahigit 12.7 milyong indibidwal sa humigit-kumulang 4.9 milyong pamilya na nagsasalita ng higit sa 20 wika. Ang mga pamilyang ito ay nakatira sa 102 na mga county, mula sa mga siksik na kalunsuran na matatagpuan sa mga county ng Cook, DuPage, at Lake hanggang sa mga kanayunan sa mga county ng Pope at Stark; mula sa mga sentro ng pagmamanupaktura sa Illinois tulad ng mga rehiyon ng Quad Cities, Rockford, at Greater Peoria hanggang sa mga bukirin ng mga county ng Gallatin, White, at Sangamon. Ang magkakatulad sa lahat ng mga komunidad at heograpiyang ito ay ang paraan kung paano tayo nananatiling konektado sa isa't isa at sa mas malawak na pandaigdigang komunidad; kung paano natin ina-access ang pangangalagang pangkalusugan, edukasyon, at iba pang mga mahahalagang serbisyo; at, lalo na, **kung paano natin pinapanatili ang ating mga pangkabuhayan sa loob ng digital na ekonomiya: sa pamamagitan ng paggamit ng napakabilis na internet sa ating mga tahanan at mga anchor institution sa komunidad.**

Kung tinutulungan man ng mga magulang ang kanilang anak na magsaliksik ng mga paksa sa internet para sa isang takdang-aralin sa paaralan, o kaya ay ang mga bagong imigrante ay nag-a-access ng mga online na serbisyo ng gobyerno na isinalin sa maraming wika, o ang isang pamilyang may sakit ay kumokonekta nang malayuan sa kanilang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, o ang isang binatang nasa ibang bansa ay nakikipag-usap sa lolo/lola gamit ang video call, o ang mga magsasaka ay gumagamit ng precision agriculture na pinapagana ng internet para mapataas ang kanilang ani, o ang isang manggagawa ay kumukuha ng online na coding class para magkaroon ng mga kasanayan para sa mga bagong oportunidad sa trabaho, **ang lahat ng mga taga-Illinois ay dapat na makapag-gamit ng internet nang epektibo, na may kumpiyansa, nang ligtas, at patas.**

Ngayon, 2.9 milyong residente ng Illinois sa 1.3 milyong kabahayan ang walang suskripsiyon sa napakabilis na internet sa kanilang mga tahanan. Ang agwat na ito ay maaaring dulot ng isa o higit pang magkakaugnay na mga salik (tingnan ang Section 3.2, Needs Assessment):

## Pagkakaroon ng broadband na imprastruktura

### 5%

5% ng mga lokasyon na maaaring serbisyuhan ng broadband (BSL, akronim nito sa Ingles) sa Illinois ay walang access sa 25/3 Mbps na serbisyo sa internet at sila ay ikinategorya ng FCC bilang “hindi naseserbisyuhan.” Ang ilang 4% ng mga BSL ay walang access sa 100/20 Mbps na serbisyo sa internet at sa gayon sila ay ikinategorya bilang “hindi sapat na naseserbisyuhan.”

## Pagiging abot-kaya ng mga suskripsiyon sa internet

### 17%

ng mga residente ng Illinois ay nahihirapang bayaran ang kanilang bill sa internet, at 14% ang nakaranas ng mga pagkaabala sa serbisyo dahil nahirapan silang magbayad.

## Access sa mga device

### ~79%

o 3.9 na milyon ng mga kabahayan sa Illinois ay may access sa isang desktop o isang laptop.

## Mababang antas ng digital na karunungan

### 11%

ng mga taga-Illinois ang nag-ulat na nahihirapan silang kumpletuhin ang kahit isa sa mga na-survey na gawain na may kaugnayan sa internet.

Ang mga agwat na ito ay mas matindi sa mga taga-Illinois na miyembro ng mga sakop na populasyon (Section 3.2.3, Covered Population Needs Assessment):

| | | |
|---|---|---|
| **9.9M** o **78%** ng Illinois ay mga miyembro ng hindi bababa sa isang sakop na populasyon. | **Ang mga indibidwal na nakatira sa mga sakop na kabahayan** ay **7%** na mas malamang na paniwalaan kaysa sa karaniwang taga-Illinois na ang pagkakaroon ng serbisyo sa internet ay "hindi sulit." | **Ang mga lahi at etnikong minorya na taga-Illinois** ay **3%** na mas hindi gaanong magkaroon ng access sa broadband internet kaysa sa mga puting taga-Illinois. |
| **Ang mga Black o Aprikanong Amerikano** ay **5%** na mas malamang na makaranas kaysa sa karaniwang taga-Illinois ng mga pagkaabala sa serbisyo dahil sa kahirapan sa pagbabayad para sa serbisyo. | **Ang mga Hispanikong taga-Illinois** ay **14%** na mas malamang na mahirapan kaysa sa karaniwang taga-Illinois na ipagkasya ang buwanang singil sa internet sa kanilang badyet sa kabahayan. | **Ang mga Asyanong taga-Illinois** ay **12%** na mas malamang na magkaroon ng access sa broadband internet at mga device para ma-access ang internet kaysa sa karaniwang taga-Illinois. |
| **Ang mga nagkakaedad nang indibidwal** ay **14%** na mas malamang na mag-alala kaysa sa karaniwang taga-Illinois tungkol sa kung paano gumamit ng mga computer at ng internet. | **Ang mga indibidwal sa kanayunan** ay **4%** na mas malamang na magkaroon ng problema kaysa sa karaniwang taga-Illinois sa pag-install ng mga serbisyo sa internet sa kanilang tirahan. | **Ang mga indibidwal na may hadlang sa komunikasyon dahil sa naiiba ang wika** ay may **limitadong access** sa mga digital na mapagkukunan para sa pag-troubleshoot ng device at pagsasanay sa digital na karunungan. |
| **Ang mga beterano** ay **5%** na mas hindi gaanong gumamit ng broadband kumpara sa karaniwang taga-Illinois. | **Ang mga indibidwal na may kapansanan** ay **15%** na mas hindi gaanong gumamit ng broadband at 15% na mas hindi gaanong magkaroon ng access sa mga device na pinagagana ng internet kumpara sa karaniwang taga-Illinois. | **Ang mga nakabilanggong indibidwal (kabilang ang lahat ng mga indibidwal na naapektuhan ng hustisya at sistema , ayon sa paggamit ng estado sa terminong ito)** ay may mga **malawak na pangangailangan** para sa digital na pag-aaral bilang bahagi ng muling pagpasok sa lipunan at upang suportahan ang kanilang mga pagsisikap na makahanap at makakuha ng mga trabaho. |

Ipinagmamalaki ng Illinois na maraming mga lokal na pamahalaan, mga aklatan, mga organisasyong pangkomunidad, mga non-profit, mga pagkakawanggawa, at mga pribadong kumpanya ang nagsimula na ng mga lokal na inisyatibo upang harapin ang mga pagkakaibang ito. Hindi bababa sa 18 na mga county at lokal na pamahalaan ang naglathala ng mga lokal na plano sa digital equity kung saan sinuri nila ang kanilang baseline, tinipon ang mga stakeholder, itinatag ang mga layunin, at bumuo ng mga estratehiya at landasin patungo sa digital equity. Marami sa mga lokal na planong iyon ay nabuo gamit ang kadalubhasaan ng mga nagsasagawa *[practitioner]* ng digital equity na nagtatrabaho mismo sa mga lugar at sa mga komunidad kung saan matagal nang nagaganap mismo ang mga gawaing it. Sa Illinois, higit sa 62 na mga programa sa buong estado ay nakatuon sa pagpapalawak ng broadband at digital equity (tingnan ang Section 3.1.3, Existing Digital Equity Programs), at 55 na mga programa  tungkol sa pag-adopt ng broadband mula sa pangunahing pagsasanay sa digital na kasanayan hanggang sa mga programa para sa pagpapahiram ng device (tingnan ang Section 3.1.4, Broadband Adoption Programs). Dagdag pa rito, 10 na mga programa tungkol sa pagiging abot-kaya ng broadband ang nag-aalok ng mga naka-diskwentong serbisyo sa internet o nagpapalawak ng pagkabatid sa mga programang tungkol sa pagiging abot-kaya ng broadband(Section 3.1.5, Broadband Affordability Programs). **Ngunit marami pang dapat gawin.**

Upang makamit ang kalalabasang ito, dapat nating gamitin ang mga bago at umiiral na materyal tungkol sa pag-adopt at paggamit ng broadband sa pamamagitan ng mga targeted na estratehiya para sa digital na pagkakasama *[inclusion]* at mga pang-matagalang kinalalabasan sa broadband equity. Ang paggawa nito ay makakatulong sa mga komunidad na matukoy at matugunan ang mga kasalukuyang agwat sa broadband equity. Dapat din nating ipagpatuloy ang pagsisikap na magkaroon ng unibersal na pag-access sa napakabilis na imprastruktura ng broadband, na mahalaga sa pagsasakatuparan ng ating mga adhikain para sa digital equity. Ang mga detalye ng pagsisikap na iyon ay nakasaad sa Limang-Taong Plano ng Pagkilos ng Illinois Broadband Equity, Access, and Deployment (BEAD).

Nangangarap kami ng isang Illinois kung saan ang lahat ng taga-Illinois ay binibigyang-kapangyarihan para lubusang makisali sa isang ekonomiya at lipunan na lalo nagiging digital.



Suburb ng Belvidere, Illinois

**Ang pagsisikap na ito ang bumubuo sa aming bisyon sa hinaharap. Sa susunod na 10 na taon, nilalayon naming sukatin at subaybayan ang ating pag-unlad patungo sa pagtupad sa mga pahayag ng bisyon na ito:** (Section 2, Introduction and Vision for Digital Equity):

Pagtiyak ng unibersal na access sa napakabilis na broadband na abot-kaya, maaasahan, at ganap na maaaring mapalaki.


Paggamit ng mga bago at umiiral na materyal para sa mga targeted na estratehiya sa digital na pagkakasama at sa mga pangmatagalang kinalalabasan ng boardband

Pagbibigay-kapangyarihan sa lahat ng mga taga-Illinois para lubusang makisali sa isang ekonomiya at lipunan na lalo nagiging digital.

- Pagtiyak ng unibersal na access sa napakabilis na broadband na abot-kaya, maaasahan, at ganap na maaaring mapalaki para sa mga tirahan, negosyo, at mga anchor institution sa komunidad (CAI, akronim nito sa Ingles) sa buong Illinois pagsapit ng 2030.
- Paggamit ng mga bago at umiiral na mga materyal upang isulong ang lubusang pag-adopt at paggamit ng internet sa pamamagitan ng mga targeted na estratehiya para sa digital na pagkakasama at mga pangmatagalang kinalalabasan sa broadband equity upang matulungan ang mga komunidad na matukoy at matugunan ang mga kasalukuyang agwat sa broadband equity.
- Pagbibigay-kapangyarihan sa lahat ng mga taga-Illinois para lubusang makisali sa isang ekonomiya at lipunan na lalo nagiging digital.

Ang mga layuning ito ay itinakda na isinasaisip ang kasalukuyang kalagayan ng digital equity ng Illinois (Section 3.2, Needs Assessment). Ang kasalukuyang kalagayan ay tinasa sa pamamagitan ng pagsusuri ng kuwantitatibong datos mula sa American Community Survey, Indicators of Need ng National Telecommunications and Information Administration, at datos mula sa isang pambuong estadong survey sa telepono at online. Ang mga layunin mismo ay binigyang-inspirasyon at hinubog ng mga pananaw mula sa mga residente, lokal na pamahalaan, mga nagsasagawa ng digital equity, mga non-profit, mga anchor institution sa komunidad, at mga tagapagbigay ng serbisyo sa pamamagitan ng mga panayam na kasali ang buong estado (Section 4, Collaboration and Stakeholder Engagement), gayundin ang mga layunin at mga landasin na tinukoy sa mga lokal na plano sa digital equity (Section 3.1.2, Existing Digital Equity Plans).

Upang pasiglahin at mapanatili ang mga pagsisikap na matugunan ang mga mithiin at layuning ito, at sa pakikipagtulungan sa mga nagsasagawa ng digital equity at iba pang stakeholder sa estado, ang Illinois Office of Broadband (IOB) ay nagpaplano na (Section 5, Implementation):




- **Panatilihin at gawing madaling makuha ang mga datos sa digital equity ng Illinois upang magsilbi bilang isang karaniwang mapagkukunan ng impormasyon.** Upang magbigay ng isang karaniwang batayan ng katotohanan para sa mga nagsasagawa ng digital equity ng estado, ang IOB at ang Illinois Broadband Lab (IBL) ay gagawa at magpapanatili ng mga datos at mga tool na madaling magamit ng publiko, para sa mga nagsasagawa ng digital equity sa buong estado; isang dashboard na na-a-access ng publiko upang subaybayan ang mga pangunahing sukatan at mga pangunahing tagapagpahiwatig ng pagganap (KPI o Key Performance Indicators, ang katumbas nito sa Ingles); isang imbentaryo ng mga asset na na-a-access ng publiko; at patuloy na mga update sa IL State Digital Equity Plan (SDEP).
- **Magsagawa ng isang digital equity grant program para sa buong estado.** Ang IOB/IBL ay magsasagawa ng isang digital equity grant program para sa buong estado upang pondohan at magbigay ng mga rekurso para sa mga digital equity na program sa buong estado.
- **Pamunuan ang mga piling programming sa buong estado at mga pakikipagsosyo sa unibersidad.** Ang IOB/IBL ay magsasaayos ng programming sa mga mga proyektong pambuong estado at panrehiyon na may mataas na prayoridad, at magtatatag ng mga pakikipagtulungan sa pananaliksik sa mga unibersidad, kung saan ang ilan sa mga ito ay isasaayos sa iba pang mga ahensya ng estado.

- **Magsagawa ng patuloy na outreach at pakikibahagi ng mga stakeholder.** Ang IOB/IBL ay magsasagawa at susuportahan ang pakikibahagi ng mga stakeholder sa mga rehiyon at sa mga komunidad upang matiyak na ang mga boses ng mga residente at ng mga nagsasagawa ng digital equity ay patuloy na pinapakinggan at upang hubugin ang mga prayoridad at pamamaraan sa digital equity.
- **Suportahan at panatilihin ang isang komunidad ng pagsasagawa sa digital equity.** Ang IOB/IBL ay magtataguyod ng mga pakikipagtulungan at kolaborasyon sa pagitan ng mga bago at umiiral na organisasyon upang maibahagi nila ang kanilang kaalaman at rekurso upang mapalawak ang kanilang epekto.

**Nauunawaan namin na ang bisyon na ito ay nakasalalay sa isang malawak na espektrum ng mga stakeholder sa Illinois.** Ang pinakamahalaga ay ang mga boses ng mga residente na pinakanaaapektuhan ng mga hindi pagkakapantay-pantay sa digital na larangan, na yaong aming sinisikap na paglingkuran at bigyang-kapangyarihan. Napakahalaga rin ng mga nagsasagawa ng digital equity na siyang nagtatrabaho sa mga komunidad ng Illinois at nagtatag ng mga mapagkakatiwalaang relasyon na maaaring magpatibay ng koneksyon, pagkatuto, at paglago. Ang bisyon ay nakasalalay pa sa pakikipagtulungan kasama ang iba pang mga ahensya ng estado na ang mga misyon ay magagawang posible sa pamamagitan ng laganap na pag-access sa broadband at digital na pagkakasama, na makikipagtulungan sa amin upang makamit ang mga kalalabasan ng digital equity sa telehealth, pag-access sa mga mahahalagang serbisyo, at mobilidad sa ekonomiya sa pamamagitan ng mga teknolohiya tulad ng digital na pagmamanupaktura at digital na agrikultura. Nakasalalay ito sa gawain ng mga unibersidad, pribadong kumpanya, at mga kasosyo sa kawanggawa na silang magpapabago sa larangang ito. At ito ay nakasalalay sa mga digital na ecosystem na lumalago sa buong estado at sa pamamagitan ng iba't ibang mga kasosyong ito upang pagsilbihan ang mga taga-Illinois na pinaka-dehado sa mga makasaysayang hindi pagkakapantay-pantay. Sa ating pagsama-sama, makakamit natin ang ating bisyon ng unibersal na pag-access, pagsulong ng lubusang pag-adopt ng internet, at pagbibigay-kapangyarihan sa lahat ng mga taga-Illinois para lubusang makisali sa isang ekonomiya at lipunan na lalo nagiging digital.